Pinatotohanan:

**CHRISTOPHER P. RAMIRO**
SB Tagapanguna/Pang. Punong-Bayan
(Petsa: 3-12-2024)

Pinagtibay:

**SANDY P. LAGANAPAN**
Punong Bayan
(Petsa: 3-12-2024)

PINATUTUNAYAN KO na ang kautusang nasa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Kalayaan, Laguna sa kanilang Pangkaraniwang Pulong sa petsang nabanggit sa Seksyon XIV ng kautusang ito.

**RENETH S. MARTINEZ**
SB Kalihim

File Folio. 2024. Ordinance. General – KB 77 T2024.



52317383 sbkalayaan@gmail.com fb.com/onesbkalayaan
P. Rizal St. Municipal Building, 2nd Floor, Brgy. San Juan, Kalayaan, Laguna, 4015

Scanned with CamScanner

E. Pinahihintulutang **DISTANSIYA ng BABUYAN** (lahat ay batay sa paikot na sukat o *in radius*) :

| KATEGORYA | MULA SA PINAGKUKUNAN NG TUBIG BUKAL | MULA SA *BUILT-UP AREA* | MULA SA *MAJOR ROAD/ HIGHWAY* | PAGITAN NG BABUYAN |
|---|---|---|---|---|
| 1. *Backyard* | 25 metro | Hindi aplikable | Hindi aplikable | Hindi aplikable |
| 2. *Medium* | 25 metro | 1,000 metro | 500 metro | 1,000 metro |
| 3. *Large* | 25 metro | 1,000 metro | 500 metro | 1,000 metro |

F. Maglagay ng tamang kanal, daluyan ng tubig upang mapanatiling tuyo ang mga dumi ng manok at baboy.

G. Maglagay ng tamang imbakan o poso negro para sa lagayan ng namatay na manok at kailangan na panatilihing may takip ito.

H. Panatilihing malinis ang loob at labas ng manukan at babuyan.

I. Palagiang pagbomba ng *pest control* sa mga manukan at babuyan.

J. Linisin ang lugar bago at matapos ang *harvest*.

K. Makipag-ugnayan sa kinauukulang pamahalaang barangay limang (5) araw bago at pagkatapos mag-*harvest* upang matingnan ng mga kinauukulan kung walang nagawang paglabag sa kalinisan ang mga manukan.

L. Pagtatanim ng mga puno at *fruit bearing trees* sa paligid ng manukan at babuyan.

**SEKSYON VIII. PAGPAPATUPAD**

Ipatutupad ng Tanggapan ng Punong Bayan, kaagapay ang mga sumusunod na Pinunong Tanggapan:

*Municipal Environment and Natural Resources Officer* (MENRO)
*Municipal Health Officer* (MHO)
*Municipal Agriculturist*
*Sanitary Inspector* (Sanidad)
*Municipal Planning and Development Coordinator* (MPDC)
*Municipal Engineer*
Kalayaan PNP
Liga ng mga Barangay

**SEKSYON IX. PAGSUBAYBAY (MONITORING)**

Pangungunahan ng MENRO, *Sanitary Inspector, Municipal Agriculturist* at Kapulisan ang pagmomonitor ng mga babuyan at manukan.

**SEKSYON X. KAPARUSAHAN**

Ang anumang paglabag sa alin mang probisyon ng kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na kaparusahan:

Unang Paglabag ------------------ 1 *grow* o katumbas ng 1 buwang suspension ng pagmamanukan at pagbababuyan
At multa ng P1,500.00

Ikalawang Paglabag ------------- 2 *grow* o katumbas ng 2 buwang suspensyon
At multa ng P2,000.00

Ikatlong Paglabag ---------------- 1 taong suspensyon ng *permit* ng manukan at babuyan
At multang P2,500.00



Scanned with CamScanner

**SEKSYON XI. PAGPAPAWALANG BISANG SUGNAY**

Anumang ordinansa at resolusyon na salungat, taliwas at hindi umaayon sa mga probisyon ng kautusang bayang ito ay pinapawalang bisa.

**SEKSYON XII. PAGHIHIWALAY NG SUGNAY**

Sa anumang dahilan, alinmang bahagi ng probisyon ng kautusang bayang ito ay taliwas sa mga umiiral na batas at panuntunan o walang bisa, ang mga bahagi na hindi apektado ay magpapatuloy na ipapatupad ng buo at may bisa.

**SEKSYON XIII. PAGKAKABISANG SUGNAY**

Ang kautusang bayang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay at maipaskel o mailathala sa mga hayag na lugar sa nalolooban ng sampung (10) araw.

**SEKSYON XIV. PINAGTIBAY: PEBRERO 26, 2024.**

**DARWIN R. PONCE**
SB Konsehal

**BEVERLY D. REYES**
SB Konsehal

**ALDRIN A. AGANA**
SB Konsehal

**VEELLY JHAMES L. CABAMALAN**
SB Konsehal

**RUSSEL A. LAGANAS**
SB Konsehal

**MARLON F. LAGANAS**
SB Konsehal

**LAARNI C. LOPEZ**
SB Konsehal

**EDISON A. FLORES**
SB Konsehal

**GIANA MARIA R. CAGANDAHAN**
LnB Pangulo

**RYAN PAUL S. AGANA**
SKP Pangulo

Scanned with CamScanner

**SAPAGKA'T,** ayon sa R.A. 8749 Seksyon 4(A) Philippine Clean Air Act of 1999 na ang bawat isa sa atin ay may karapatang makalanghap ng sariwang hangin;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** sa mungkahi ni **Kgg. Kon. Darwin R. Ponce,** pinangalawahan nina **Kgg. Kon. Aldrin A. Agana** at **Kgg. Kon. Beverly D. Reyes,** ang **Sangguniang Bayan ng Kalayaan, Laguna** ay nagpatibay ng isang kautusan, gaya ng sumusunod:

**SEKSYON I. TITULO**

**KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA NG MGA REGULASYON AT ALITUNTUNIN SA PAGTATAYO AT PAMAMAHALA SA OPERASYON NG MGA BABUYAN AT MANUKAN SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG KALAYAAN, LAGUNA AT PAGPAPATAW NG MGA KAPARUSAHAN SA HINDI PAGSUNOD DITO.**

**SEKSYON II. LAYUNIN**

Layunin ng kautusang bayan na ito na magkaroon ng maayos na pamamahala at patakaran sa pagtatayo ng babuyan at manukan upang maiwasan o masolusyunan ang mabahong amoy, problema sa langaw, at magkaroon ng pagsasaalang-alang sa kalusugan, kabuhayan at kalikasan.

**SEKSYON III. LIGAL NA BASEHAN O BATAYAN**

Ang kautusang bayang ito ay alinsunod sa probisyon na nasasaad o nakapaloob sa mga sumusunod:

*Comprehensive Land Use Plan (CLUP) at Zoning Ordinance ng bayan ng Kalayaan, Laguna.*

*Presidential Decree No. 856* o *Sanitation Code of the Philippines*

*Presidential Decree No. 1096* o *National Building Code of the Philippines*

*Republic Act 9003* o *Ecological Solid Waste Management Act*

*Republic Act 8749* o *Clean Air Act*

*Republic Act 7160* o *Local Government Code of 1991*

*Municipal Ordinance No. 3, t. 2018 – Municipal Environment Code of Kalayaan, Laguna Section 20 & 21*

Atas Tagapagpaganap Blg. 40, t. 2020 – Pagtatakda ng mga alituntunin at patakaran na ipinaiiral sa bayan ng Kalayaan, Laguna para sa mga may-ari ng manukan.

**SEKSYON IV. KAHULUGAN NG MGA SALITA**

*Urban area* - Kinabibilangan ng lahat ng mga barangay at mga bahagi nito na binubuo ng *poblacion, central business district** at iba pang *built-up area* kasama ang urbanisadong kalupaan sa loob o kalapit ng nabanggit na mga lugar at kung saan mahigit sa 50% ng populasyon dito ay kasali sa mga aktibidades na *non-agricultural.*
Ang *central business district** ay ang mga lugar na itinatalaga pangunahin para sa kalakalan, merkado, serbisyo at may kaugnayan sa negosyo.

*Built-up area* - Lugar kung saan marami na ang mga kabahayan, istraktura at tinitirhan na ng maraming tao. Naglalarawan din ito ng isang maunlad na lugar;

*Rural area* - Lugar na nasa labas ng itinalagang *urban area*;

*Backyard, Small, Medium* at *Large scale* - Kategorya ng lawak o *scope* ng babuyan at manukan batay sa bilang na ipinapahintulot sa bawat kategorya. Ang detalye ay nakalahad sa Seksyon VI ng kautusang ito;

"Ulo" - Tumutukoy sa isang bilang ng manok o baboy kasama ang *weaning, growers* at *fatteners*;

Scanned with CamScanner

**SIPI SA KATITIKAN NG IKA - 84 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG KALAYAAN, LAGUNA 2022-2025 NA GINANAP SA SB BULWAGANG PULUNGAN NG KALAYAAN, LAGUNA NOONG IKA - 26 NG PEBRERO, 2023.**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. CHRISTOPHER P. RAMIRO | - | PANGALAWANG PUNONG BAYAN/TAGAPANGUNA |
| Kgg. Darwin R. Ponce | - | Konsehal |
| Kgg. Beverly D. Reyes | - | Konsehal |
| Kgg. Aldrin A. Agana | - | Konsehal |
| Kgg. Veelly Jhames L. Cabamalan | - | Konsehal |
| Kgg. Russel A. Laganas | - | Konsehal |
| Kgg. Marlon F. Laganas | - | Konsehal |
| Kgg. Laarni C. Lopez | - | Konsehal |
| Kgg. Edison A. Flores | - | Konsehal |
| Kgg. Giana Maria R. Cagandahan | - | *Ex-Officio*/LnB Pangulo |
| Kgg. Ryan Paul S. Agana | - | *Ex-Officio*/SKP Pangulo |

**HINDI DUMALO:**
W A L A

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 77, Taong 2024**

**KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA NG MGA REGULASYON AT ALITUNTUNIN SA PAGTATAYO AT PAMAMAHALA SA OPERASYON NG MGA BABUYAN (*PIGGERY*) AT MANUKAN (*POULTRY*) SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG KALAYAAN, LAGUNA AT PAGPAPATAW NG MGA KAPARUSAHAN SA HINDI PAGSUNOD DITO.**

***MAY AKDA: Kon. DARWIN R. PONCE***
***Tagapangulo – Lupon ng Kalusugan at Sanitasyon***

**SAPAGKA'T,** ayon sa Seksyon 447a.1. Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 (Batas ng Republika Blg. 7160). Na kapangyarihan, tungkulin at gawain ng Kagalang-galang na Sangguniang Bayan na magpatibay ng mga ordenansa at gumawa ng mga resolusyon na kinakailangan para sa isang mahusay at mabisang pamamahala sa bayan;

**SAPAGKA'T,** ang samahan ng *Poultry Raising Association* ng Kalayaan ay lumapit sa Kgg. Punong Bayan Sandy P. Laganapan,humihiling na madagdagan o mapaigting pa ang Atas Tagapagpaganap Blg. 40, t. 2020 sa pamamagitan ng pagpasa ng isang ordenansa;

**SAPAGKA'T,** kailangan na mayroong regulasyon at alituntunin ng pagtatayo at pamamahala sa operasyon ng mga babuyan (*piggery*) at manukan (*poultry*) sa nasasakupan ng bayan ng Kalayaan, Laguna;

**SAPAGKA'T,** isa sa palagiang problema o reklamo ng mga mamamayan ang mabahong amoy at sobrang dami ng langaw dulot ng maling pamamahala, pangangasiwa at hindi pagsunod sa *health standard* ng mga may-ari ng babuyan at manukan dito sa bayan ng Kalayaan, Laguna;

**SAPAGKA'T,** binibigyan pansin pa rin ng Pamahalaang Bayan ng Kalayaan, Laguna na ang pagtatayo at pamamahala ng mga babuyan at manukan ay hindi magkakaroon o magdudulot ng masamang epekto sa kapaligiran at kalusugan ng mga mamamayan;



Scanned with CamScanner

*Well drained porous soil* - Lupa na mabilis mawalan ng tubig at madaling matuyo;

*Grow* - Isang buong *cycle* ng pag-aalaga ng manok o baboy hanggang sa panahon ng pag*harvest* ng mga manok o baboy at pag-aalis sa kanilang kulungan;

*Harvest* - panahon na ang manok o baboy ay sumapit na sa takdang laki at kinakailangan ng alisin sa kanilang kulungan.

## SEKSYON V. MGA REGULASYON AT PATAKARAN

A. Ang sinumang tao o korporasyon na magtatayo ng manukan ay kinakailangang kumuha ng *locational/zoning clearance*, *environmental clearance*, *sanitary permit* at *building permit*.

B. Kinakailangan na ang lupang pagtatayuan ay naaayon sa isinasaad ng *Comprehensive Land Use Plan (CLUP) at Zoning Ordinance* ng bayan ng Kalayaan.

C. Ang sinumang tao o korporasyon ay kinakailangang kumuha ng *business permit* bago mag-*operate* ng negosyo.

## SEKSYON VI. PINAHIHINTULUTANG BILANG NG PAG-AALAGA NG BABOY AT MANOK

A. BABUYAN (*PIGGERY*)
1. *Backyard Piggery* - Hindi hihigit sa 1 inahin at (+) 10 ulo;
2. *Medium scale* - Hindi hihigit sa 2 inahin at (+) 11 - 20 ulo;
3. *Large scale* - Mahigit sa 2 inahin at (+) 20 ulo;

B. MANUKAN (*POULTRY*)
1. *Backyard Poultry* - Hindi hihigit sa 500 ulo;
2. *Small scale* - Mula 501 ulo hanggang 5,000 ulo;
3. *Medium scale* - Mahigit sa 5,000 ulo subalit hindi hihigit sa 10,000 ulo;
4. *Large scale* - Mula 10,000 ulo at mahigit pa.

## SEKSYON VII. MGA ALITUNTUNING KAILANGAN AT DAPAT SUNDIN NG MGA NAGMAMANUKAN AT BABUYAN

A. Ang itatayong manukan at babuyan ay sa mga *rural areas* lamang at nasa sona/klasipikasyong agrikultural.

B. Ang lupang pagtatayuan ng babuyan at manukan ay "*well drained porous soil*" .

C. Ang *Environment Compliance Certificate* (ECC) ay *requirement* bago ang pagtatayo ng establisimiyento sa mga sumusunod:
1. Manukan
   a. *Medium scale*
   b. *Large scale*
2. Babuyan
   a. *Large scale*

D. Pinahihintulutang **DISTANSIYA ng MANUKAN** (lahat ay batay sa paikot na sukat o *in radius*) :

| KATEGORYA | MULA SA PINAGKUKUNAN NG TUBIG BUKAL | MULA SA *BUILT-UP AREA* | MULA SA *MAJOR ROAD/ HIGHWAY* | PAGITAN NG BABUYAN |
|---|---|---|---|---|
| 1. *Backyard* | 25 metro | Hindi aplikable | Hindi aplikable | Hindi aplikable |
| 2. *Small* | 25 metro | 500 metro | 200 metro | 500 metro |
| 3. *Medium* | 25 metro | 1,000 metro | 200 metro | 1,000 metro |
| 4. *Large* | 25 metro | 1,000 metro | 200 metro | 1,000 metro |



Scanned with CamScanner